

Batas na CARE (CARE Act)

Batas sa Pagtulong sa, Pagbangon, at Pagpapalakas ng Komunidad

Mga Legal na Tungkulin sa CARE Act

Itinatag ng Batas sa Pagtulong, Pagpapagaling, at Pagpapalakas sa Komunidad (Community Assistance, Recovery, and Empowerment, CARE Act) ang isang bagong proseso ng hukumang sibil.¹ Ang mga taong may mga espesipikong sakit sa kalusugang pangkaisipan at nakaaabot sa iba pang mga pamantayan ay karapat-dapat para sa

proseso ng CARE Act. Layunin ng proseso na iugnay ang mga indibidwal na ito sa isang malawak na hanay ng mga serbisyo at suporta upang matugunan ang kanilang mga indibidwal na pangangailangan sa pamamagitan ng isang kasunduan sa CARE o plano sa CARE. Nagbibigay ng impormasyon ang buod na ito tungkol sa mga espesipikong legal na tungkulin sa buong prosesong ito, kabilang ang tagapayong kumakatawan sa respondent, mga opisyal ng hukuman, at legal na representasyon para sa nagpepetisyon.

Tagapayo ng Respondent

Sa buong proseso ng CARE, may inilalaang abogado (tinatawag ding “tagapayo ng respondent”) sa respondent nang **walang bayad**. Nakadetalye sa impormasyon sa ibaba ang sino, kailan, at ano ng tagapayo ng respondent.

Paunawa: Maaaring magpatibay ang mga lokal na hukuman ng kanilang sariling mga patakaran hinggil sa pagtatalaga ng tagapayo.


Sino ang maaaring magsilbing tagapayo ng respondent?

Karaniwang magtatalaga ang korte ng isang abogado mula sa isang kwalipikadong proyekto sa serbisyong legal (qualified legal services project, QLSP), na tinatawag ding Tulong-Legal (Legal Aid), para kumatawan sa mga respondent (katugon). Kung hindi sang-ayon ang isang QLSP na tumanggap, o wala nito sa county, isang pampublikong tagapagtanggol (abogado na pinondohan ng estado) ang itatalaga. Kapag naitalaga, magkapareho ang mga tungkulin ng QLSP at pampublikong tagapagtanggol. May opsyon din ang mga respondent na pumili ng sarili nilang abogado at kumuha ng pribadong abogado na sila mismo ang gagastos.

Ang “Respondent” ay ang taong tinukoy sa isang petisyon na karapat dapat para sa proseso ng CARE at makikinabang sa mga serbisyo at paggamot.

Kailan itinatalaga ang tagapayo?

Itatalaga ang isang abogado pagkatapos masuri ng korte ang petisyon at napagpasyahan na maaaring maging karapat-dapat ang respondent para sa proseso ng CARE.



¹Seksyon 5970-5987 ng California Welfare and Institutions Code (W&I Code)

Tagapayo ng Respondent (nagpapatuloy)

Ano ang tungkulin ng tagapayo ng respondent?

Dapat na kumatawan sa kanila ang tagapayo ng respondent sa lahat ng layuning may kinalaman sa proseso ng CARE. Ang mga sumusunod na gawain ay maaaring isama sa kanilang tungkulin:

- Alalayan ang respondent upang makipagtulungan sa ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali at ang tagasuporta ng respondent (kung naaangkop) upang makakuha ng paggamot para sa kalusugan ng pag-uugali.


- Kumatawan sa respondent sa anumang mga paglilitis sa hukuman, na maaaring kabilang ang pagtugon sa mga ulat at testimonya, paglalahad ng ebidensya, pagtawag ng mga saksi, at paghahain ng mga dokumento ng hukuman.
- Payuhan ang respondent tungkol sa proseso ng CARE, mga kasunduan sa CARE at mga plano sa CARE, kabilang ang pakikipagtulungan sa respondent, tagasuporta (kung naaangkop), at sa ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali.
- Humarap sa korte sa ngalan ng respondent (kung piliin ng respondent na hindi humarap).

Mga Opisyal ng Hukuman

Ang mga Opisyal ng Hukuman—na kilala rin bilang mga hukom—sa proseso ng CARE ay responsable sa pagtitiyak na isinasagawa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ang mga paglilitis sa hukuman. Ang layunin ay para hikayatin ang paglahok at pakikibahagi ng lahat ng partido.

Sa buong proseso ng CARE, ang hukom ay may mga sumusunod na responsibilidad:

- Ipaliwanag sa mga respondent ang kanilang mga karapatan sa bawat pagdinig.
- Magtakda ng mga pagdinig at pangasiwaan ang mga proseso ng hukuman.
- Magpasya hinggil sa pagiging karapat-dapat.
- Magtalaga ng tagapayo para sa respondent, nang walang bayad.
- Suriin ang mga dokumento, kabilang ang petisyon, mga ulat, klinikal na pagsusuri, mga plano/kasunduan sa CARE, at plano ng pagtatapos.
- Suriin kung anong mga serbisyo ang ibinigay o hindi, at maglabas ng mga utos para suportahan ang pag-akses ng respondent sa mga serbisyo, kung kinakailangan.
- Magpasya kung dapat magtapos ang respondent sa proseso ng CARE.



Tagapayo ng Nagpepetisyon

Ang Nagpepetisyon ay ang taong naghain ng petisyon para humiling sa korte na isaalang alang kung karapat dapat ang isang tao (ang "respondent") para sa mga serbisyo ng CARE at simulan ang proseso ng CARE.

Ang nagpepetisyon ay maaaring ang ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali o ibang mga indibidwal na nakakakilala sa respondent, tulad ng isang miyembro ng pamilya, roommate, o isang taong madalas na nakipag-ugnayan kamakailan sa respondent (hal., isang outreach worker o unang tagapag-respondente).

Petisyong inihain ng isang ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali.

Hindi kailangan, ngunit maaaring piliin ng ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali, na payuhan ng abogado naihain man o hindi ang petisyon ng isang ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali o isa pang karapat-dapat na nagpepetisyon.

Mga Karagdagang Mapagkukunan

- Maaaring tingnan ang mga materyal sa [CARE-Act.org](https://www.careact.org) :
 - [CARE Act 201: Ang Pagtahak ng Kliyente sa CARE Act](#)
 - [Mga Mapagkukunan hinggil sa CARE Act para sa mga Nagpepetisyon](#)
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Proseso ng Paghain ng Petisyon sa CARE Act at Mga Form sa Paghain ng Petisyon, puntahan ang seksyong Impormasyon para sa [Mga Nagpepetisyon sa CARE Act](#) sa CalHHS website.
- Konsehong Panghukuman ng Mga Panuntunan at Form ng California (California Rules and Forms), at [Sheet ng Impormasyon](#)
- Tagahanap ng [Sentro ng Pagtulong sa Sarili \(Self-Help Center\)](#)

Petisyon na inihain ng mga indibidwal na nakakakilala sa respondent.

Maaaring isang miyembro ng pamilya, roommate, outreach worker, unang tagapag-respondente, o iba pang karapat-dapat na indibidwal ang nagpepetisyon. Hindi kailangan ng nagpepetisyon na magkaroon ng abogadong tutulong sa kanila para maghain ng petisyon, ngunit maaari nilang piliing gawin ito na sila mismo ang gagastos.

Mayroong Mga Sentro ng Pagtulong sa Sarili (Self-Help Center) para gabayan ang mga nagpepetisyon na ito, ngunit hindi nagbibigay ng legal na payo ang mga korte at Sentro ng Pagtulong sa Sarili.

Sa pasimula ng proseso, hahalili sa orihinal na nagpepetisyon ang ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali. Maaaring pahintulatang magpatuloy na lumahok ang ilang orihinal na nagpepetisyon, at maaari nilang piliing kumuha ng abogado, na sila pa rin mismo ang gagastos.

Wika at Sipi ng Batas

Kaugnay na wika mula sa batas, kabilang ang sipi sa seksyon ng batas:

- Proseso ng hukuman:
 - [Seksyon 5977 ng W&I Code](#)
 - [Seksyon 5977.1 ng W&I Code](#)
 - [Seksyon 5977.2 ng W&I Code](#)
 - [Seksyon 5977.3 ng W&I Code](#)